Bakit Kailangan Nating mag Salah sa Allah

Ang Pang-kalahatang kard

Ang Pamagat: Bakit Kailangan Nating mag Salah sa Allah
Wika: Tagalog
Maikling Pagkakalarawan: Ang pagdarasal (Salah) ay isang gawain na kung pagbubutihin lamang ang pagtupad nito ay makapagbibigay ng kapakinabangan sa ating mga Muslim; pangpisikal, pangmoralidad, pang-ispirituwal. itinaguyod rin nito ang kalinisan, kalusugan, kaayusan, disiplina, kapatiran, pagkakapantay-pantay, panlipunang pagkabuklud-buklod, at marami pang iba..........
: عربي
Bilang ng pagpapakita ng pahina: 1415
Petsa ng Pagdagdag: Feb 23,2007
Ugnayan : http://www.islamhouse.com/p/6056

1. Sapagkat ang pagsa Salah ay isa sa mga pinakadakilang uri ng pagsamba sa Kanya, na ibig Niyang gawin natin.

2. Bilang pagpapasalamat natin sa Kanya dahil nilalang Niya tayo sa pinakamataas na antas.

3. Dahil sa Kanya tayong pinatnubayan sa Islam.

4. Nang sa gayon ito'y magsilbing isang pagkakataon para sa ating mga Muslim upang maiparating natin sa kanya ang ating mga nararamdaman at pangangailangan.

5. Bilang paggunita sa Kanya, upang hindi natin Siya malimutan, at hindi rin natin malimutan ang mga ipinag-uutos Niya sa atin, dito sa ating pansamantalang buhay sa mundo.

6. Upang tayo'y manalangin sa Kanya na nawa'y tulungan at patnubayan Niya tayo sa tuwina sa mga dumarating na mga pagsubok sa ating buhay.

7. Upang maging matatag ang ating pagmamahal at takot sa Kanya ng sa gayon ay manatili tayo sa pagiging matuwid at masunurin sa mga katuruan ng Islam, gaya halimbawa ng mga batas nito at kagandahang asal na itinuturo nito.

8. Upang ang ating pagdarasal (Salah) ay magsilbing mabuting agawain na sa pamamagitan nito (Salah) ay pagtatakpan Niya ang ating mga nagawang kasalanan

9. Upang mapaghandaan natin ang Araw ng Paghuhukom, ang araw na atin Siyang makakaharap, upang makamit natin ang mga magagandang gantimpalag ikagagalak natin at nararapat para sa atin, na inihanda Niya alang-alang sa atin; ang Hardin ng kaligayahan na walang hanggan.

10. Ang pagdarasal (Salah) ay isang gawain na kung pagbubutihin lamang ang pagtupad nito ay makapagbibigay ng kapakinabangan sa ating mga Muslim; pangpisikal, pangmoralidad, pang-ispirituwal. itinaguyod rin nito ang kalinisan, kalusugan, kaayusan, disiplina, kapatiran, pagkakapantay-pantay, panlipunang pagkabuklud-buklod, at marami pang iba.

Mga may kaugnayan

AS-SALAH (Ang Pagdarasal sa Islam) (Ugnayan ng mga Paksa) - (Tagalog)